PANTAO
(International Journal of the Humanities and Social Sciences)
Volume 5, Issue 2
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Discourse analysis of code-mixing in the Threads app

Jamila M. H. Esmail*
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Roselainie G. Mundig
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Failah O. Palawan
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Junairah W. Yahya
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Alican M. Pandapatan
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

ABSTRACT

This study focused on the discourse analysis of code-mixing in posts on the Threads App. It aimed to identify the types of code-mixing commonly used by netizens, determine the dominant languages utilized on the platform, and compare its use with other studies related to code-mixing in social media. The research employed a qualitative-descriptive design, particularly discourse analysis, to examine selected posts from the Threads App. In gathering the data, around thirty to fifty public posts containing a mixture of Filipino and English were selected and analyzed. The findings revealed that intra-sentential code-mixing was the most frequently used type of code-mixing, followed by lexical borrowing, inter-sentential, and tag-switching. The study also found that Taglish was the dominant form of communication on the Threads App because it is considered more natural, efficient, and effective in expressing ideas and emotions. Furthermore, the study showed that code-mixing is not merely a simple combination of languages but a communication strategy that reflects identity, emotions, and adaptability in modern digital discourse. Overall, the study confirms that code-mixing has become an important part of communication in social media and continues to evolve alongside changes in technology and language use.

Keywords: Threads app, code-mixing, Taglish, discourse, social media.

Date Submitted: May 4, 2026
Date Accepted: May 11, 2026
Date Published: May 18, 2026

*Corresponding author / Email: h.esmail.jm00@s.msumain.edu.ph
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021178

Recommended citation:
Esmail, J. M. H., Mundig, R. G., Palawan, F. O., Yahya, J. W., & Pandapatan, A. M. (2026). Discourse analysis of code-mixing in the Threads app. Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (2), 4658-4669. http://doi.org/10.69651/PIJHSS05021178

Diskursong pagsusuri sa code-mixing sa Threads app

Jamila M. H. Esmail
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Roselainie G. Mundig
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Failah O. Palawan
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Junairah W. Yahya
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

Alican M. Pandapatan
Mindanao State University - Main Campus, Marawi City, Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa diskursong pagsusuri ng code-mixing sa mga post sa Threads App. Layunin nitong matukoy ang mga uri ng code-mixing na ginagamit ng mga netizen, ang mga dominanteng wikang ginagamit sa platform, at maihambing ang paggamit nito sa iba pang pag-aaral tungkol sa code-mixing sa social media. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibo at deskriptibong disenyo, partikular ang diskursong pagsusuri, upang masuri ang nilalaman ng mga piling post mula sa Threads App. Sa pangangalap ng datos, pumili ng tatlumpu (30) hanggang limampung (50) pampublikong post na naglalaman ng paghahalo ng Filipino at Ingles. Natuklasan sa pag-aaral na ang intra-sentential code-mixing ang pinakakaraniwang uri ng code-mixing na ginagamit ng mga netizen, kasunod ang lexical borrowing, inter-sentential, at tag-switching. Lumabas din na nangingibabaw ang paggamit ng Taglish bilang pangunahing anyo ng komunikasyon sa Threads App sapagkat mas natural, mabilis, at epektibo itong gamitin sa pagpapahayag ng ideya at damdamin. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang code-mixing ay hindi lamang simpleng paghahalo ng wika kundi isang estratehiya ng komunikasyon na nagpapakita ng identidad, emosyon, at pakikiangkop ng mga gumagamit sa makabagong digital na diskurso. Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na mahalagang bahagi na ng komunikasyon sa social media ang code-mixing at patuloy itong umuunlad kasabay ng pagbabago ng teknolohiya at wikang ginagamit ng mga tao.

Susing salita: Threads App, code-mixing, Taglish, diskurso, sosyal midya.

PANIMULA

Sa makabagong panahon ng digital na komunikasyon, patuloy na nag-iiba ang paraan ng paggamit ng wika, partikular sa mga social media platform gaya ng Threads. Ang Threads ay isang bagong aplikasyon na inilunsad ng Meta na nakatuon sa pagbabahagi ng maiikling text-based na updates at pakikibahagi sa pampublikong talakayan. Kaugnay ito ng Instagram at ginagamit ang malawak na bilang ng mga gumagamit ng Meta upang mapalawak ang interaksyon sa pagitan ng mga user. Batay sa isang ulat, ang bawat post sa Threads ay maaaring magkaroon ng hanggang 500 character at maaaring samahan ng mga link, larawan, at bidyong may habang hanggang limang minuto (Ecwid, n.d.).

Isa sa mga lumalabas na paraan ng pagpapahayag sa ganitong uri ng online na espasyo ay ang code-mixing, na tumutukoy sa paghahalo ng dalawa o higit pang wika sa loob ng iisang pahayag. Ayon kay Shana Poplack (1980), ang code-mixing ay isang sistematikong penomenon na sumusunod sa mga tuntuning lingguwistiko at hindi lamang simpleng random na pagsasama ng iba't ibang wika. Ipinakikita nito na ang code-mixing ay may malinaw na estruktura at maaaring masuri batay sa mga padron ng paggamit nito.

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa iba't ibang teoryang tumatalakay sa paggamit ng code-mixing sa komunikasyon, lalo na sa mga social media platform tulad ng Threads. Mahalaga ang mga teoryang ito upang mas maintindihan kung paano at bakit pinaghahalo ng mga gumagamit ng Threads App ang iba't ibang wika sa kanilang mga online na post at pahayag.

Ang Teoryang Communicative Competence ni Dell Hymes (1972) ay nagsasabing ang epektibong paggamit ng wika ay hindi lamang nakabatay sa tamang gramatika kundi pati rin sa konteksto, sitwasyon, at layunin ng pakikipagkomunikasyon. Ayon kay Hymes, mahalagang alam ng isang tao kung kailan, saan, paano, at kanino dapat gamitin ang isang partikular na wika upang maging angkop at mabisa ang komunikasyon.

Makikita ito sa mga post sa Threads App kung saan ginagamit ng mga netizen ang code-mixing upang mas maging malinaw, makahulugan, at madaling maiugnay ang kanilang pagpapahayag ng damdamin, pananaw, at karanasan. Sa pamamagitan ng pagsasama ng Filipino at Ingles, nagiging mas madali para sa kanila ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang uri ng audience sa social media.

Samantala, ayon naman sa Accommodation Theory ni Howard Giles (1973), inaayon ng mga tao ang kanilang paraan ng pagsasalita depende sa kanilang kausap at sa sitwasyon ng komunikasyon. Tinatawag itong convergence kapag binabagay ng isang tao ang kanyang wika upang maging mas malapit o mas madaling maiugnay sa kausap. Sa kabilang banda, divergence naman ang tawag kapag ginagamit ang wika upang maipakita ang sariling identidad o pagiging kakaiba sa iba.

Sa konteksto ng Threads App, ginagamit ng mga netizen ang code-mixing bilang paraan ng pag-angkop sa modernong estilo ng komunikasyon sa social media. Ang paghahalo ng Filipino at Ingles ay nakatutulong upang maging mas natural, mas kawili-wili, at mas madaling maunawaan ang kanilang mga pahayag. Bukod dito, ipinapakita rin nito ang kanilang identidad bilang mga bilingguwal o multilingguwal na gumagamit ng wika.

Mahalaga rin sa pag-aaral na ito ang teorya ni Pieter Muysken (2000) tungkol sa code-mixing. Ayon sa kanya, ang code-mixing ay ang paghahalo ng dalawa o higit pang wika sa loob ng isang pahayag o usapan. Inilahad din niya ang iba't ibang uri nito tulad ng insertion, alternation, at congruent lexicalization.

Ginamit ang teoryang ito bilang pangunahing gabay sa pagsusuri ng mga post sa Threads App upang matukoy kung anong uri ng code-mixing ang mas madalas gamitin ng mga netizen. Sa tulong ng teoryang ito, mas mauunawaan kung paano nagiging bahagi ng makabagong komunikasyon sa social media ang pagsasama ng Filipino at Ingles at kung paano ito nakatutulong sa pagpapahayag ng kahulugan, damdamin, at identidad ng mga gumagamit.

Bagama't marami nang pag-aaral tungkol sa code-mixing sa Facebook, Twitter, at Instagram, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik na nakatuon sa Threads App bilang isang bagong online na espasyo ng komunikasyon. Dahil dito, mahalagang pag-aralan kung paano ginagamit ng mga netizen ang code-mixing sa platform na ito at kung paano ito nakaaapekto sa makabagong paraan ng pakikipagkomunikasyon.

Sa ganitong konteksto, ang code-mixing ay hindi lamang simpleng paghahalo ng mga wika kundi isang mahalagang paraan ng pagbuo ng kahulugan sa komunikasyon. Gayunpaman,

nananatili pa ring hamon ang mas malalim na pag-unawa sa papel nito sa mga online na espasyo.

Layunin ng pag-aaral na ito na magsagawa ng diskursong pagsusuri tungkol sa code-mixing sa mga post sa Threads App. Sinusuri nito ang iba't ibang anyo, tungkulin, at epekto ng code-mixing sa pagbuo ng kahulugan sa makabagong komunikasyon sa social media.

Paglalahad ng suliranin

1. Ano-ano ang mga uri ng code-mixing na makikita sa Threads App?
2. Anong wika ang lumitaw na dominante batay sa code-mixing na Filipino at Ingles sa Threads App?
3. Paano maihahambing ang code-mixing sa Threads App sa iba pang pag-aaral ng code-mixing sa social media?

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibo at deskriptibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang diskursong pagsusuri, upang masuri ang paggamit ng code-mixing sa mga post sa Threads App. Layunin ng pananaliksik na maunawaan kung paano ginagamit ang paghahalo ng Filipino at Ingles bilang bahagi ng komunikasyon sa isang online na espasyo.

Gumamit ang mananaliksik ng purposive sampling upang makapili ng mga post na may malinaw na halimbawa ng code-mixing sa Threads App.

Pinili ang diskursong pagsusuri dahil hindi lamang nakatuon ang pag-aaral sa estruktura ng wika kundi pati na rin sa kahulugan, layunin, at konteksto ng mga pahayag ng mga gumagamit. Sa pamamagitan nito, nasuri kung paano nagagamit ang code-mixing sa pagpapahayag ng damdamin, identidad, at pakikipag-ugnayan ng mga tao sa online community.

Sa pag-aaral na ito, piling mga post lamang na naglalaman ng code-mixing sa pagitan ng Filipino, Ingles, at ilang lokal na wikang ginagamit sa Pilipinas tulad ng Bisaya ang isinama. Ang mga napiling post ay pampubliko, may tekstuwal na nilalaman, at nailathala mula taong 2025 hanggang 2026. Hindi kabilang sa mga datos ang mga post na larawan lamang o yaong walang malinaw na halimbawa ng code-mixing.

Sa pangangalap ng datos, kinilala muna ang Threads App bilang pangunahing pinagkunan ng mga post na susuriin. Mula rito, pumili ang mananaliksik ng humigit-kumulang tatlumpu (30) hanggang limampung (50) post batay sa itinakdang pamantayan ng pag-aaral.

Ang mga napiling post ay kinopya at inayos sa isang dokumento o talahanayan kasama ang nilalaman, petsa ng pagkakalathala, at konteksto ng bawat post. Isinaalang-alang din ang etikal na aspeto ng pananaliksik sa pamamagitan ng hindi paglalagay ng mga pangalan o anumang impormasyong maaaring makapagpakilala sa mga gumagamit ng account.

Gumamit ang mananaliksik ng diskursong pagsusuri upang matukoy ang iba't ibang anyo ng code-mixing at ang gamit nito sa komunikasyon. Sa pagsusuri ng datos, isinama ang mga uri ng code-mixing tulad ng intra-sentential, inter-sentential, tag-switching, at lexical borrowing batay sa mga konseptong tinalakay nina Pieter Muysken (2000), Charlotte Hoffman (1991), at Li Wei (2000).

Naging gabay ang mga kategoryang ito upang masuri kung paano pinaghahalo ng mga gumagamit ng Threads App ang Filipino at Ingles sa kanilang mga pahayag sa social media. Bagama't mas karaniwang iniuugnay ang intra-sentential at inter-sentential sa code-switching, ginamit pa rin ang mga ito sa kasalukuyang pag-aaral bilang batayan sa pagsusuri ng mga anyo ng code-mixing na makikita sa mga post sa Threads App.

Matapos nito, sinuri ang bawat post ayon sa nilalaman, layunin, at mensahe upang maipaliwanag kung paano nagiging mahalagang estratehiya ang code-mixing sa makabagong komunikasyon sa social media.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang bahaging ito ay nagtatanghal ng mga resulta ng pag-aaral hinggil sa paggamit ng code-mixing sa mga piling post sa Threads App, kasabay ng malalim na pagsusuri at talakayan ng mga natuklasang datos. Ang pananaliksik ay gumamit ng diskursong pagsusuri bilang pangunahing pamamaraan upang masuri at maunawaan ang mga uri at katangian ng code-mixing sa mga aktuwal na pahayag ng mga netizen. Ang mga datos ay nakalap mula sa mga piling post sa Threads App, at ang pagsusuri ay isinagawa alinsunod sa tatlong pangunahing suliranin ng pag-aaral: ang pagkilala sa mga uri ng code-mixing, ang pagtukoy sa mga dominanteng wika, at ang paghahambing ng mga natuklasan sa mga resulta ng kaugnay na pananaliksik. Ang lahat ng resulta ay iniharap at binibigyang-kahulugan batay sa mga datos na nakalap, at ang talakayan ay direktang nauugnay sa mga layunin ng pag-aaral.

Diskursong pagsusuri sa code-mixing sa mga post sa Threads app

Batay sa isinagawang pagsusuri ng mga piling post mula sa Threads App, natukoy na karaniwang ginagamit ng mga netizen ang code-mixing bilang paraan ng pagpapahayag ng damdamin, opinyon, at personal na karanasan sa social media. Lumitaw sa pag-aaral ang apat na uri ng code-mixing, katulad ng intra-sentential na may dalas na 25, inter-sentential na may dalas na 15, tag-switching na may dalas na 10, at lexical borrowing na may dalas na 20. Ang intra-sentential code-mixing ang nagtataglay ng pinakamataas na dalas sa lahat ng naobserbahang uri, at ipinahihiwatig nito na mas natural at mas komportable para sa mga netizen ang pagsasama ng Filipino at Ingles sa loob ng iisang pangungusap bilang bahagi ng kanilang araw-araw na komunikasyon sa social media. Dahil mabilis at spontaneous ang interaksyon sa Threads App, mas nagiging madali para sa mga gumagamit na magpahayag ng saloobin gamit ang dalawang wika nang hindi na kinakailangang maging pormal sa estruktura ng pangungusap. Ipinapakita nito na ang paghahalo ng Filipino at Ingles ay naging natural na bahagi ng online communication ng mga gumagamit ng Threads App.

Ang intra-sentential code-mixing ay nagpapakita rin ng pagiging bilingguwal ng maraming Pilipinong netizen kung saan malayang napaghahalo ang Filipino at Ingles depende sa emosyon, konteksto, at layunin ng mensahe. Sa halip na gumamit lamang ng purong Filipino o Ingles, mas nagiging makahulugan at madaling maiugnay ang komunikasyon kapag pinagsasama ang dalawang wika sa loob ng iisang pahayag. Dahil dito, ang intra-sentential code-mixing ay nagiging epektibong estratehiya upang mas mabilis at mas natural na maipahayag ang ideya at damdamin sa online na espasyo. Makikita ito sa pahayag na "Being unemployed feels like I'm useless. Gusto nako mag trabaho jud ay," kung saan pinagsama ang Ingles, Filipino, at lokal na wika sa loob ng iisang pahayag. Ang paggamit ng Ingles na "Being unemployed feels like I'm useless" ay nagbibigay ng direkta at mas matinding emosyon ng kalungkutan at frustration ng nagsasalita, samantalang ang paggamit ng Filipino at Bisaya na "Gusto nako mag trabaho jud ay" ay nagpapakita ng pagiging personal at mas malapit na koneksyon sa mga mambabasa. Ipinapakita nito na ginagamit ang code-mixing upang maging mas makahulugan, madaling maiugnay, at emosyonal ang komunikasyon sa social media discourse. Sa pahayag naman na "Habang tumatagal ako sa larangan ng academe, mas naiintindihan ko ang hinaing ng mga guro," makikita rin ang intra-sentential at inter-sentential

code-mixing dahil malayang naghahalo ang Filipino at Ingles sa loob at pagitan ng mga pahayag. Ipinapakita nito ang natural na paggamit ng dalawang wika sa pagpapahayag ng seryosong opinyon tungkol sa edukasyon at disiplina, kung saan ang paggamit ng Ingles ay nagbibigay ng mas formal at mas akademikong tono habang ang Filipino naman ay nagpapakita ng personal na saloobin ng nagsasalita, na nagreresulta sa mas malinaw at mas mabigat na dating ng mensahe sa mga mambabasa.

Bukod sa intra-sentential, lumabas din sa pag-aaral na karaniwan ang lexical borrowing sa mga post sa Threads App. Ipinapakita nito na maraming salitang Ingles ang tuluyan nang naging bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon ng mga netizen lalo na sa larangan ng teknolohiya, trabaho, media, at akademiko. Makikita ito sa pahayag na "Good morning!! Gumawa ako ng bagong playlist," kung saan ginagamit ang salitang "playlist" bilang lexical borrowing sapagkat mas karaniwan at mas praktikal itong gamitin sa digital na komunikasyon kaysa sa katumbas nitong salin sa Filipino. Ipinapakita nito ang impluwensiya ng teknolohiya at internet culture sa paraan ng paggamit ng wika ng mga netizen at nagbibigay rin ng mas casual at conversational na tono sa pahayag. Makikita rin ang ganitong kalakaran sa pahayag na "baka may interested po sa chrome encoding, hiring po kami... wfh po siya. pm niyo lang po ako, thank you!" kung saan ginamit ang mga terminong "hiring," "wfh," "pm," at "thank you" bilang bahagi ng modernong online communication. Ipinapakita nito kung paano nagiging normal ang paggamit ng pinaikling Ingles at internet terms sa social media discourse at nagiging mas mabilis at mas conversational ang paraan ng pakikipagkomunikasyon dahil pamilyar na ang mga netizen sa mga terminong ito. Makikita rin ang code-mixing bilang paraan ng pagpapahayag ng opinyon at frustration sa pahayag na "Ang lala ng political culture dito... hindi ba pwedeng citizen lang na pagod na sa incompetence?" kung saan ang paggamit ng mga salitang "political culture," "citizen," at "incompetence" ay nagbibigay ng mas matinding diin sa mensahe at nagpapakita ng impluwensiya ng political discourse sa social media. Sa karagdagang halimbawa ng inter-sentential code-mixing sa pahayag na "May nakausap akong taga PMA. For them daw, ang pagkanta ng anthem nila is a call for help," nagpapalit ng wika ang nagsasalita sa pagitan ng Filipino at Ingles upang magbigay-linaw at diin sa mensahe, at ang paggamit ng Ingles na "call for help" ay nagbibigay ng mas mabigat at mas emosyonal na epekto sa pahayag. Ipinapakita ng mga halimbawang ito na ang code-mixing sa Threads App ay hindi lamang simpleng paghahalo ng wika kundi isang estratehiya ng komunikasyon upang maging mas malinaw, mas makahulugan, at mas madaling maiugnay ang mga pahayag ng mga netizen, at ipinapakita rin nito kung paano naaapektuhan ng social media, teknolohiya, at modernong kultura ang paraan ng paggamit ng wika sa digital na panahon.

Mga wikang ginagamit at dominante sa Threads App

Batay sa pagsusuri ng mga nakalap na datos, natukoy na Filipino, Ingles, at Taglish ang pangunahing wikang ginagamit sa Threads App. Ayon sa mga nakolektang datos, ang Filipino ay may dalas na 9, ang Ingles ay may dalas na 9, ang Taglish o pinagsama-samang Filipino at Ingles ay may dalas na 10, at ang iba pang wika ay may dalas na 5. Lumabas sa resulta na mas dominante ang paggamit ng Taglish bilang paraan ng komunikasyon ng mga netizen sa social media, kahit na ang pagkakaiba ng dalas nito sa Filipino at Ingles ay bahagya lamang. Ang Taglish o ang paghahalo ng Filipino at Ingles ang nangingibabaw na anyo ng komunikasyon sa Threads App, at hindi lamang ito simpleng kombinasyon ng dalawang wika kundi isang natural na paraan ng pagpapahayag ng mga netizen sa online na espasyo. Mas pinipili ng mga gumagamit ang Taglish dahil nagbibigay ito ng mas mabilis, mas malaya, at mas makahulugan na paraan ng pakikipagkomunikasyon kumpara sa paggamit ng purong Filipino o purong Ingles lamang. Dahil impormal at mabilis ang daloy ng interaksyon sa social media, nagiging mas

madali para sa mga netizen na ilahad ang kanilang saloobin gamit ang wikang pinakaakma sa kanilang emosyon at konteksto.

Maiuugnay ang resulta na ito sa teoryang Communicative Competence ni Dell Hymes (1972) na nagsasabing ang epektibong komunikasyon ay hindi lamang nakabatay sa wastong gramatika kundi sa kakayahang gamitin ang wika nang naaayon sa sitwasyon, layunin, at kausap. Sa konteksto ng Threads App, mas nagiging angkop ang paggamit ng Taglish dahil ito ang wikang karaniwang ginagamit ng maraming Pilipinong netizen sa online na komunikasyon, at ipinapakita nito na ang pagpili ng wika ay nakadepende hindi lamang sa tuntuning panggramatika kundi sa kung ano ang mas natural, mas madaling maunawaan, at mas epektibong gamitin sa isang partikular na sitwasyon. Makikita ito sa pahayag na "Being unemployed feels like I'm useless. Gusto nako mag trabaho jud ay," kung saan ginagamit ang Taglish upang mas malinaw at mas emosyonal na maipahayag ang karanasan ng nagsasalita. Ang paggamit ng Ingles na "Being unemployed feels like I'm useless" ay nagbibigay ng direkta at matinding pagpapahayag ng insecurity at frustration, habang ang paggamit ng Filipino at lokal na wika sa "Gusto nako mag trabaho jud ay" ay nagdadagdag ng personal at mas malapit na emosyonal na koneksyon sa mga mambabasa. Sa ganitong paraan, nagiging mas authentic at madaling maiugnay ang mensahe dahil mas natural na nailalabas ng nagsasalita ang kanyang damdamin gamit ang pinaghalong wika.

Maiuugnay rin ang resulta sa Accommodation Theory ni Howard Giles (1973) na nagpapaliwanag na inaangkop ng mga tao ang kanilang paraan ng pagsasalita depende sa kanilang audience at sitwasyon ng komunikasyon. Sa paggamit ng Taglish, sinusubukan ng mga netizen na maging mas madaling maiugnay, mas conversational, at mas madaling maintindihan ng kanilang audience, at dahil karaniwan nang ginagamit ang pinaghalong Filipino at Ingles sa social media, nagiging paraan ito upang makabuo ng pakikiisa at mas malapit na koneksyon sa ibang gumagamit ng platform. Makikita ito sa pahayag na "baka may interested po sa chrome encoding, hiring po kami... wfh po siya. pm niyo lang po ako, thank you!" kung saan gumagamit ang netizen ng mga terminong Ingles tulad ng "hiring," "wfh," at "pm" dahil mas pamilyar at mas praktikal itong gamitin sa online communication. Ipinapakita nito na inaayon ng mga gumagamit ang kanilang wika sa nakasanayang istilo ng komunikasyon sa online na espasyo upang maging mas mabilis at mas madaling maintindihan ng audience, at ipinapakita rin ng paggamit ng Taglish ang impluwensiya ng teknolohiya, trabaho, at internet culture sa modernong paraan ng paggamit ng wika. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang pagiging dominante ng Taglish sa Threads App ay bunga ng pangangailangang maging mabilis, makahulugan, madaling maiugnay, at angkop ang komunikasyon sa social media, at higit pa rito, sumasalamin ito sa identidad ng mga Pilipinong bilingguwal na gumagamit ng wika bilang paraan hindi lamang ng pagpapahayag ng impormasyon kundi pati ng emosyon, karanasan, at pakikiisa sa online community.

Paghahambing ng code-mixing sa Threads App at sa iba pang pag-aaral ng code-mixing sa social media

Batay sa mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral, makikita na ang paggamit ng code-mixing sa Threads App ay may pagkakatulad sa mga naunang pag-aaral hinggil sa komunikasyon sa social media. Lumabas sa pagsusuri na dominante ang paggamit ng Taglish at intra-sentential code-mixing sa mga post ng mga netizen, bagay na tumutugma rin sa mga natuklasan ng iba pang pag-aaral tungkol sa digital discourse at online communication, at ipinapakita nito na ang paghahalo ng Filipino at Ingles ay patuloy na nagiging karaniwang bahagi ng paraan ng pakikipagkomunikasyon ng mga gumagamit ng social media.

Katulad ng natuklasan sa pag-aaral nina Maceda et al. (2023), lumabas din sa kasalukuyang pananaliksik na ginagamit ng mga netizen ang Taglish upang maging mas natural, mabilis, at makahulugan ang kanilang pagpapahayag sa online na espasyo. Sa parehong pag-aaral, ipinakita na mas nagiging komportable ang mga gumagamit sa paghahalo ng Filipino at Ingles dahil mas madali nitong naipapahayag ang emosyon, opinyon, at personal na karanasan. Sa kasalukuyang pag-aaral, makikita rin na ginagamit ang Filipino upang magbigay ng emosyonal at personal na lalim sa pahayag habang ginagamit naman ang Ingles para sa teknikal, moderno, at mas espesipikong kahulugan ng mensahe. Maiuugnay rin ito sa pag-aaral nina Virginio et al. (2025) tungkol sa code-mixing at language play sa Threads platform kung saan ipinakita na ang code-mixing ay hindi lamang simpleng linguistic phenomenon kundi isang estratehiya ng komunikasyon upang maipakita ang identidad, personalidad, at relasyon ng mga gumagamit sa kanilang audience. Ayon sa kanilang pag-aaral, ginagamit ang code-mixing upang makabuo ng emotional connection, relatability, at audience engagement sa social media discourse, at katulad nito, lumabas din sa kasalukuyang pananaliksik na ginagamit ng mga netizen sa Threads App ang Taglish upang maging mas madaling maiugnay, conversational, at makahulugan ang kanilang mga pahayag.

Ipinakita rin sa pag-aaral nina Virginio et al. (2025) na ang code-mixing ay nagsisilbing paraan ng pagbuo ng digital identity at social interaction sa online platforms, at ipinahihiwatig nito na ang paraan ng paggamit ng wika sa social media ay hindi lamang nakabatay sa komunikasyon kundi pati sa pagpapakita ng personalidad, pakikiisa, at pagiging kabilang sa isang online community. Sa kasalukuyang pag-aaral, kapansin-pansin din na ginagamit ng mga netizen ang Taglish upang maging mas malapit at mas konektado sa kanilang audience, lalo na sa pagpapahayag ng personal na damdamin at karanasan. Gayunpaman, may ilang pagkakaiba ring lumitaw kung ihahambing sa ibang pag-aaral tungkol sa code-mixing sa social media. Sa pag-aaral nina Hermaya at Agung (2023), lumabas na ginagamit ang code-mixing sa Instagram upang gawing mas engaging at mas kaakit-akit ang content ng mga gumagamit, samantalang sa Threads App, mas nakatuon ang paggamit ng code-mixing sa direktang pagpapahayag ng opinyon, emosyon, at personal na karanasan, at dahil dito, mas nagiging maikli, direkta, at conversational ang paraan ng komunikasyon ng mga netizen sa Threads App kumpara sa ibang social media platforms.

Makikita rin ang pagkakatulad ng kasalukuyang pag-aaral sa pag-aaral tungkol sa code-switching at code-mixing sa Instagram kung saan lumabas na ginagamit ang Ingles bilang paraan upang magbigay-diin, magpakita ng modernong identidad, at umangkop sa digital culture. Ayon sa nasabing pag-aaral, karaniwan ang paggamit ng mga terminong Ingles tulad ng "update," "deadline," "mood," at "vibes" dahil naging bahagi na ito ng pang-araw-araw na online communication ng mga gumagamit ng social media, at katulad nito, lumabas din sa kasalukuyang pananaliksik ang paggamit ng mga terminong tulad ng "hiring," "wfh," "playlist," at "pm" bilang bahagi ng modernong digital discourse. Ipinapakita ng mga pagkakatulad ng kasalukuyang pag-aaral at mga naunang pananaliksik na ang code-mixing ay hindi na lamang simpleng paghahalo ng dalawang wika kundi isang mahalagang bahagi ng modernong komunikasyon sa digital na panahon, at ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng Taglish ay naging normal na paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga netizen dahil nagbibigay ito ng mas mabilis, mas flexible, at mas makahulugan na komunikasyon sa social media. Sa kabilang banda, ipinapakita rin ng mga pagkakaiba sa resulta na may impluwensiya ang uri ng social media platform sa paraan ng paggamit ng wika ng mga gumagamit, at dahil mas mabilis at mas impormal ang interaksyon sa Threads App, mas nagiging spontaneous at personal ang paggamit ng code-mixing sa platform na ito.

Bagama't nakatutulong ang code-mixing sa pagiging mas madaling maiugnay at mas epektibo ng komunikasyon sa social media, maaari rin itong magkaroon ng implikasyon sa

paggamit ng pormal na wika sa online discourse. Dahil nasasanay ang mga netizen sa impormal at mabilis na paraan ng komunikasyon, maaaring mas maging laganap ang paggamit ng pinaikling salita, internet terms, at paghahalo ng Filipino at Ingles sa pang-araw-araw na pagsusulat at pakikipagkomunikasyon. Gayunpaman, ipinapakita rin ng resulta na ang code-mixing ay nagsisilbing praktikal at adaptibong estratehiya ng mga bilingguwal na netizen upang mas maipahayag nang malinaw ang kanilang emosyon, identidad, at karanasan sa online na espasyo.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ang code-mixing, lalo na ang intra-sentential na may pinakamataas na dalas na 25 at ang Taglish na may dalas na 10 bilang dominanteng wika, ay patuloy na nagiging mahalagang bahagi ng komunikasyon sa Threads App at sa malawak na digital na espasyo. Ang mga natuklasang datos ay direktang tumutugon sa mga suliranin ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagkilala sa mga tiyak na uri ng code-mixing, pagtukoy sa mga dominanteng wika, at paghahambing ng mga resulta sa mga naunang pananaliksik. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng mahalaga at makabagong kaalaman hinggil sa paraan ng paggamit ng wika ng mga Pilipinong netizen sa Threads App, at nagpapatunay na ang paghahalo ng wika ay hindi isang pagkakamali o kakulangan kundi isang malay at episyenteng estratehiya ng komunikasyon. Dahil dito, inihahanda ng kasalukuyang kabanata ang mambabasa para sa susunod na bahagi ng pananaliksik na magtatanghal ng mga kongklusyon, rekomendasyon, at implikasyon ng pag-aaral para sa larangan ng lingguwistika, edukasyon, at digital communication.

KONKLUSYON

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, napag-alaman na karaniwan nang ginagamit ng mga netizen sa Threads App ang code-mixing bilang bahagi ng kanilang pakikipagkomunikasyon sa social media. Lumabas na mas nangingibabaw ang paggamit ng Taglish at intra-sentential code-mixing sa iba’t ibang post dahil mas natural itong gamitin sa mabilis at impormal na interaksyon sa online na espasyo. Ipinapakita lamang nito na ang paghahalo ng Filipino at Ingles ay naging normal na bahagi na ng paraan ng pagpapahayag ng maraming Pilipinong netizen.

Napansin din sa pag-aaral na ginagamit ang Filipino upang mas maipakita ang personal na damdamin at emosyon habang ginagamit naman ang Ingles para sa mga modernong termino, teknikal na salita, at pagbibigay-diin sa mensahe. Dahil dito, nagiging mas malinaw, madaling maiugnay, at makahulugan ang paraan ng pakikipag-usap ng mga gumagamit ng Threads App. Ipinapakita rin nito na mas nagiging komportable ang mga netizen sa paggamit ng dalawang wika sa loob ng iisang pahayag dahil mas akma ito sa kanilang nakasanayang online communication.

Bukod dito, ipinahihiwatig ng resulta na nagsisilbing online na espasyo ang Threads App kung saan malayang naipapakita ng mga Pilipino ang kanilang bilingguwal na identidad sa pamamagitan ng paggamit ng Taglish. Sa ganitong paraan, mas nagiging natural para sa mga netizen ang pagpapahayag ng kanilang opinyon, karanasan, at saloobin sa social media. Makikita rin dito ang malaking impluwensiya ng teknolohiya at modernong digital culture sa pagbabago ng paggamit ng wika sa kasalukuyang panahon.

Gayunpaman, bagama’t nakatutulong ang code-mixing upang maging mas mabilis at mas madali ang komunikasyon, maaari rin itong makaapekto sa paggamit ng pormal na wika sa online na diskurso. Dahil mas nasasanay ang mga netizen sa impormal na estilo ng komunikasyon, nagiging karaniwan ang paggamit ng pinaikling salita, internet terms, at paghahalo ng Filipino at Ingles sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa social media.

Iminumungkahi ng pag-aaral na magsagawa pa ng mas malalim na pagsusuri tungkol sa paggamit ng code-mixing sa iba't ibang social media platforms upang mas maunawaan ang epekto nito sa modernong komunikasyon at sa paggamit ng wikang Filipino sa digital na panahon.

Mahalaga rin ang pag-aaral na ito sa larangan ng sosyolinggwistika sapagkat ipinapakita nito kung paano naaapektuhan ng teknolohiya at social media ang pagbabago ng paggamit ng wika ng mga Pilipino. Maaari rin itong maging batayan ng mga susunod pang pananaliksik tungkol sa komunikasyon, digital discourse, at modernong paggamit ng Filipino sa online platforms.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng pag-aaral na ang code-mixing ay hindi lamang simpleng paghahalo ng dalawang wika kundi bahagi na ng modernong komunikasyon ng mga Pilipinong netizen. Ipinahihiwatig din nito kung paano ginagamit ng mga tao ang wika upang mas maipahayag ang kanilang identidad, emosyon, at paraan ng pakikipag-ugnayan sa digital na panahon.

TALASANGGUNIAN

Almeida, G. (2026). Code switching and code mixing in student interactions on Instagram social media. Selaksa Makna,

Ashifa, F. N., & Kholiq, A. (2026). Code switching and code mixing in Maxwell Salvador's oral speech on YouTube: A sociolinguistic study. *Jurnal Pembelajaran Bahasa dan Sastra, 5*(3), 1945–1958. https://doi.org/10.55909/jpbs.v5i3.1405

Baute, H. G. (2024). Ang Paggamit ng Code-switching sa mga Facebook Page ng mga Meranaw sa Lanao del Sur (Unpublished undergraduate thesis). Mindanao State University

Bista, K. (2010). Factors of code switching among bilingual English students in the university classroom: A survey. English for Specific Purposes World, 9(29), 1–19. https://www.esp-world.info/Articles_29/issues_29.pdf

Ecwid. (n.d.). What is Threads by Instagram and how does it work? https://www.ecwid.com/blog/what-is-threads-by-instagram.html

Engano-Tampos, et al. (2024). Predominant types of code-mixing among secondary students. https://www.researchgate.net/publication/379684283_Predominant_Types_of_Code-Mixing_Among_Secondary_Students

Gamiao, B., Villanueva, L. (2023). Analysis on Code Switching Manifested by Filipino High School Teachers. Diversitas Journal ISSN 2525-5215 Volume 8, Number 3 (jul./sept. 2023) p. 2776 – 2798 https://diversitasjournal.com.br/diversitas_journal

Giles, H. (1973). Towards a theory of interpersonal accommodation through language: Some Canadian data. Language in Society, 2(2), 177–192. https://icrml.ca/en/research-and-publications/references/item/78387-towards-a-theory-of-interpersonal-accommodation-through-language-some-canadian-data

Giles, H. (2016). Communication accommodation theory: Negotiating personal relationships and social identities across contexts. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9781316226537

Gumperz, J. J. (1982). Discourse strategies. New York, NY: Cambridge University Press. http://dx.doi.org/10.1017/CBO9780511611834

Holmes, J. (2000). An Introduction to Sociolinguistics (2nd ed.). Wellington: Longman.

Hudson, R. a. (1996). Sociolinguistics (2nd Edition). Cambridge: Cambridge Textbooks in Linguistics, Cambridge University Press.

Hoffman, C. (1991). An introduction to bilingualism. Longman.

Hymes, D. H. (1972). On communicative competence. In J. B. Pride & J. Holmes (Eds.), Sociolinguistics: Selected readings (pp. 269–293). Penguin Books. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1190080

Ilmiana. (2022). Code-mixing in students' social media captions and posts. https://repository.uinjkt.ac.id/dspace/handle/123456789/61754

Jabeen, et al. (2023). Code-mixing and code-switching in multilingual classrooms. https://journals.internationalrasd.org/index.php/pjhss/article/view/1487

Kasyulita, E. (n.d.). Analysis of student code-mixing in Facebook social networking. https://media.neliti.com/media/publications/206165-analysis-of-student-code-mixing-in-f.pdf

Khairunnas, R., Pagua, J. A., Fitriya, G., & Rudieyani, Y. (2025). User sentiment dynamics in social media: A comparative analysis of X and Threads. IAES International Journal of Artificial Intelligence (IJ-AI), 14(1), 447–456. https://doi.org/10.11591/ijai.v14.i1.pp447-456

Lestari, D. W., & Ambarwati, R. (2024). Social network analysis: Understanding user behavior in Threads. Kontigensi: Jurnal Ilmiah Manajemen, 12(1), 115–124. https://doi.org/10.56457/jmk.v12i1.505

Maceda, L. L., et al. (2023). Taglish in social media communication. https://www.researchgate.net/publication/372918253_Taglish_in_Social_Media_Communication

Manuel, J. D. C. (2024). Code-mixing as a natural process among bilingual individuals. https://www.researchgate.net/publication/378512963_Code-Mixing_as_a_Natural_Process_among_Bilingual_Individuals

Muysken, P. (2000). Bilingual speech: A typology of code-mixing. Cambridge University Press.

Nguyen, et al. (2022). Code-mixing and language practices in multilingual communication. https://www.atlantis-press.com/proceedings/assehr-22/125971450

Poplack, S. (1980). Sometimes I'll start a sentence in Spanish y termino en Español: Toward a typology of code-switching. Linguistics, 18(7–8), 581–618. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1849256

Virginio, G. A., Betari, A. W., & Pramono, S. A. (2025). Code-mixing and language play in Threads: Constructing digital persona of Indonesian game streamers. Inspiring: English Education Journal, 8(2), 273–305. https://doi.org/10.35905/inspiring.v8i2.14744

Wei, L. (Ed.). (2000). The bilingualism reader. Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203461341

Weinreich, U. (1953). Languages in contact: Findings and problems. Linguistic Circle of New York. https://openlibrary.org/books/OL51000589M/Languages_in_contact